

Tungkol sa Programa para sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Mga Tahanan

Nagbibigay ang Programa para sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Mga Tahanan ng mga karagdagang serbisyo nang walang bayad sa mga tao na saklaw ng Medi-Cal na mayroong mga partikular na hindi gumagaling na kondisyon. Tumutulong ang mga serbisyong ito na makuha ang pangangalaga na kinakailangan nila upang manatiling malusog.

Sino Ang Maaaring Lumahok sa Programa para sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Mga Tahanan?

Kailangan ang mga sumusunod upang makatanggap ng mga serbisyo ng Programa para sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Mga Tahanan:

- 1 Saklaw ng Medi-Cal at kailangang naka-enroll sa isang plano ng Medi-Cal
- 2 Mayroong partikular na hindi gumagaling na kondisyong pangkalusugan (tulad ng hika, diabetes, sakit sa bato o atay, panghihina ng puso, atbp.)
- 3 Naipasok sa ospital, nagkaroon ng mga pagbisita sa departamentong pang-emergency, o matagal nang walang tirahan

Makikipag-ugnayan ang mga plano ng Medi-Cal sa kanilang mga miyembro na kwalipikado para sa programa. Maaari ring tawagan ng mga indibidwal ang kanilang plano ng Medi-Cal upang malaman kung sila ay kwalipikado, o maaari silang magtanong sa kanilang doktor o klinika tungkol sa programa.



Paano Makakatulong ang Programa para sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Mga Tahanan sa mga Tao?

Ang mga taong sasali sa Programa para sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Mga Tahanan ay binibigyan ng team ng pangangalaga para sa pangangalaga ng kalusugan at mga provider para sa serbisyong panlipunan na tutulong sa kanilang:

- Maghanap ng mga doktor at kumuha ng mga appointment
- Magsaayos ng pangangalagang natatanggap nila mula sa iba't-ibang mga provider.
- Intindihin ang kanilang mga iniresetang gamot
- Kumuha ng mga serbisyong pang-follow-up pagkatapos lumabas sa ospital
- Makipag-ugnayan sa mga serbisyong pangkomunidad at panlipunan, tulad ng pagkain at pabahay

Ang paglahok sa Programa para sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Mga Tahanan ay hindi aalisin o babaguhin ang anumang benepisyo sa Medi-Cal.

Para sa Higit pang Impormasyon:

Bisitahin ang webpage ng DHCS Health Homes sa bit.ly/HealthHomes o tumawag sa lokal na plano ng Medi-Cal.

Upang hanapin ang numero ng telepono, pumunta sa www.dhcs.ca.gov at hanapin ang "health care directory."



Anong Mga Serbisyo ang Inaalok ng Programa para sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Mga Tahanan?

Ang mga indibidwal ay bibigyan ng isang team ng pangangalaga – kabilang ang isang care coordinator – na nakikipagtulungan upang makatulong sa pagtanggap ng mga kinakailangan nilang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at serbisyong pangkomunidad.

Maaaring kasama sa team ng pangangalaga ang kasalukuyan at bagong provider ng indibidwal ng pangangalagang pangkalusugan, tulad ng mga doktor, espesyalista, at mga parmasiyotiko. Maaari ring kasama rito ang mga case manager o iba pa mula sa mga organisasyong pangkomunidad na naglilingkod sa pasyente.

Makakatulong ang mga serbisyo ng Programa para sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Mga Tahanan sa:

- 1 Paggawa ng isang Plano para sa Mga Pasyente:** Makikipagtulungan ang indibidwal sa kanilang team ng pangangalaga upang gumawa ng “Health Action Plan” (Plano ng Pagkilos para sa Kalusugan) upang tulungan makamit nila ang mga layunin para sa pangangalagang pangkalusugan at manatili silang malusog.
- 2 Pagpapanatiling Nagtutulungan at Napapanahon ang mga Provider:** Magtutulungan ang care coordinator at ang team ng pangangalaga upang patuloy na mabigyan ng napapanahong impormasyon ang lahat ng provider tungkol sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at ang mga serbisyong kanilang natatanggap.
- 3 Pagbibigay ng Impormasyon sa Mga Pasyente upang Manatiling Malusog:** Maaaring malaman ng mga indibidwal at ang mga miyembro ng kanilang pamilya ang mga pinakamainam na paraan upang pangasiwaan ang kanilang mga problema sa kalusugan.
- 4 Paglilipat sa Mga Pasyente mula sa Isang Kalagayan ng Pangangalaga patungo sa Iba:** Tutulungan ng team ng pangangalaga ang mga indibidwal na lumipat nang ligtas at madali mula sa iba’t ibang kalagayan ng pangangalaga, tulad ng pagpasok o paglabas sa isang ospital o pasilidad ng pangangalaga, at pagbalik sa sarili nilang bahay.
- 5 Pagpapalakas sa mga Sistemang Sumusuporta sa Pasyente:** Maaaring piliin ng mga indibidwal na magsama ng pamilya o mga kaibigan sa kanilang team ng pangangalaga upang magkaroon sila ng napapanahong impormasyon tungkol sa kondisyon ng pasyente at mga paraan kung paano nila matutulungan at masusuportahan ang pasyente.
- 6 Pag-uugnay ng Mga Pasyente sa mga Serbisyong Pangkomunidad:** Maaaring makatulong ang team ng pangangalaga na humanap at mag-apply para sa mga kinakailangang serbisyong pangkomunidad at panlipunan, tulad ng pagkain, pansamantala at permanenteng pabahay, pangangalaga sa bata, mga serbisyo sa may kapansanan, at iba pa.



Paano Mag-sign Up para sa Programa para sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Mga Tahanan?

Kung nais ng mga indibidwal na gumamit ng mga bagong serbisyong ito, kailangan nilang mag-sign up para sa programa. Boluntaryo ang programa, at maaaring itigil ng mga indibidwal ang mga serbisyo sa anumang oras.

- Ang karamihan sa mga indibidwal na kwalipikado ay makakatanggap ng sulat mula sa plano ng Medi-Cal na nagpapahayag ng kanilang kwalipikasyon at kung paano mag-sign up.
- Maaari ring i-refer ng mga provider ang kanilang mga pasyente. Kailangan makipag-ugnayan ang provider sa plano ng Medi-Cal ng pasyente upang malaman kung sila ay kwalipikado.
- Maaaring tawagan ng mga indibidwal ang kanilang plano ng Medi-Cal upang malaman kung sila ay kwalipikado at para mag-sign up.

Para sa higit pang impormasyon kung paano mag-sign up, **mangyaring tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263.**

